Prologue

Masayang binabagtas ng mag-asawang Patrick at Emily Toscano ang dirt road na sakop na ng *Hacienda Toscano*. Lumagpas na sila sa hangganan ng lupang ipinamahagi ng patriarch ng pamilya para tirhan ng mga tauhan ng hacienda. Ngayon ay nasa gitna sila ng isang malawak na grassfield na ginagamit na feeding ground para sa mga alagang baka.

Isa ang pamilya Toscano sa maimpluwensyang pamilya sa Ilocos Sur. Patrick Toscano belonged to a long line of cattle breeders and raisers. At mula nang pamahalaan niya ang pamamalakad sa hacienda, nagsimula na rin silang mag-breed ng race horses. Mayroon din silang sariling canning and processed meat factories na nasa sentro ng Sto. Domingo.

As the 4X4 vehicle drove slickly along the winding road, Patrick expertly maneuvered away from the familiar potholes and uneven patch of ground.

Galing ang mag-asawa sa Maynila at ngayon ay pabalik na sa hacienda. Sa likod, sa loob ng baby carrier ay payapang natutulog ang sanggol na si Yna.

"What the…?"

Biglang nagpreno si Patrick. Nagtatakang napatingin ito sa asawa. Sa unahan ay nakahambalang ang isang malaking troso

sa kanilang daraanan.

"Patrick…" kinakabahang pigil ni Emily sa braso ng kabiyak na akmang lalabas ng sasakyan.

"Dito ka lang. Titingnan ko kung maitatabi ko," anito.

Kabubukas pa lamang nito sa pinto at hindi pa tumatapak ang paa sa lupa nang magmula kung saan, isang maskaradong anino ang lumitaw.

The stranger yanked the door open. Dalawang putok ng baril ang umalingawngaw mula sa hawak nitong revolver. Tinamaan ng bala ang mag-asawa. The baby, awakened by the gunshot, started to cry.

Binuksan ng estranghero ang pinto sa gawi nito at itinutok ang baril sa umiiyak na paslit. Ngunit ilang segundo lang ay muli nitong ibinaba ang armas.

Isinukbit nito ang baril sa baywang. Mula sa pinagtaguan ay inilabas nito ang container ng gasolina at isinaboy sa loob at labas ng sasakyan. Kinuha nito sa bulsa ang lighter bago dinampot ang baby carrier saka sinilaban ang sasakyan.

Ni hindi ito lumingon. Pagkatapos niyon ay humarurot na palayo ang isang motorsiklo, hanggang sa tuluyan na itong maglaho sa kadiliman ng gabi.